

Marso 27, 2020

Hello,

Nais ko kayong batiin ng maligayang pagbabalik at ipaalam sa inyo na ang lahat sa distrito ng paaralan ay inaalala kayo. Ang coronavirus ay nakaapekto sa buong buhay natin, ang paglikha ng bago at kakaibang sitwasyong ito na tila nagbabago araw-araw. Sa mga linggong nakararaan tayong lahat ay magkakasama sa paaralan, at tinatalakay ang mga plano para sa bakasyon sa tag-sibol, prom, paligasahan sa basketball, pagtatapos. Kayo ay nagbahagi ng mga pagsakay at French fries. Niyakap ninyo ang bawat isa at nag- high-five. Ngayon ay nasabihang kayong manatili sa inyong mga tahanan at manatiling malayo sa iba. Mahirap na panahon ito para sa ating lahat, ngunit mas higit na maging mahirap para sa mga nagbibinata at nagdadalaga. Kailangan ninyong malaman na kahit na ito ay nangyayari sa katotohanan, ito ay hindi magtatagal magpakailanman.

Mahalagang malaman ninyo na ang inyong mga guro at pamunuan ay ginagawa ang lahat ng posibleng paraan para matulungan kayong matapos ang isang taon ng pag-aaral sa isang positibong pamamaraan. Alam ko na maaaring mahirap ito, lalo na para sa ating mga nakatatanda, ngunit may mga taong tutulong. OK lang na malito at mabigo sa kung ano ang mangyayari sa inyong mga grado, at kung paano kayo magtatapos o maghahanda para sa kolehiyo. Ngunit mangyaring mag-hintay lang. Kung magkakasama tayong magtrabaho ngayon, malalagpsan natin ito.

Ang pag-aaral mula sa tahanan ay may kakaibang mga hamon, hindi lamang para sa inyo, kundi maging ng inyong mga guro. Tandaan na sila ay nagsusumikap na gawin ito bilang madali hanggat maaari para sa inyo. Huwag mag-atubiling tulungan ang inyong mga guro at kapwa estudyante kung walang katuturan o tila mahirap gawin. Tandaan na ito ay bago para sa ating lahat. Pahahalagahan ng inyong mga guro ang kinalabasan, ipaalam sa kanila kung ano ang nangyayari.

Huwag matakot na magtanong. Huwag matakot na tulungan ang iba na may mga tanong. Tiyakin natin na pinangangalagaan natin ang ating sarili, at gayon din ang ating mga kaibigan, kapitbahay, at pamilya. Sikaping tandaan na ang lahat ay nararanasan ang sitwasyong ito sa sarili nilang paraan. Ang isang magandang mensahe o ngiti ay malayo ang pupuntahan upang tulungan mapabuti ang isang tao. Mag-ukol ng isang minuto para magbahagi ng biro o nakakatawang video. Kung nakakaramdam ka ng hirap o takot o tamlay, mangyaring humingi ng tulong. Maraming tao ang handang makipag-usap sa iyo. Ang pamilya, mga kaibigan, guro, miyembro ng simbahan o mga propesyonal sa kalusugan ay handang makinig.

Tiyaking manatiling aktibo bawat araw. Gamitin ito bilang isang pagkakataon upang makahanap ng mga bagong paraan upang palakasin ang iyong katawan at inyong isip. Ang tag-sibol ay nandito na, siguraduhin lumabas at magpa-init at lumanghap ng sariwang hangin. Kung matagpuan mo na ikaw ay naiinip o hindi makaalis sa loob, subukan maghanap ng mga bagong programa o mga video tungkol agham, kultura, kasaysayan o kasalukuyang kaganapan.

Ito ay isang magandang pagkakataon upang maragdagan ang iyong paghanga at pag-uusisa. Huwag matakot na hikayatin ang iyong sarili. Tingnan kung gaano karaming aklat ang maaari mong basahin. Magbahagi ng mga ideya sa iyong kaibigan at kaklase. Tignan kung sino ang makakagawa ng pinakamaraming crunches. Ang aming direktor ng palakasan malapit nang magbigay ng mga impormasyon sa online para manatiling malusog at may malakas na pangangatawan sa mahirap na panahong ito.

Pangkalahatang, tandaan na ang panahon na ito ay lilipas. Manatiling positibo. Manatiling malusog. Manatiling ligtas.

Tayo ay ang Kodiak Bears. Tayo ay mababangis at matatag. Palalaksin lamang tayo nito.

Taos-puso

Larry LeDoux
Superintendente